



## Ang Inyong Impormasyon. Ang Inyong Mga Karapatan. Ang Aming Pananagutan.

Ang paunawang ito ay naglalarawan kung paano maaaring magamit at ipahayag ang medikal na impormasyon na tungkol sa inyo at paano ninyo maaaring makuha ang impormasyon na ito.

**Mangyari lamang na basahin ito ng mainam.**

### Ang Inyong Mga Karapatan

**Pagdating sa inyong impormasyong pangkalusugan, mayroon kayong ilang mga partikular na karapatan.** Ang seksyon na ito ay nagpapaliwanag sa inyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga pananagutan na makakatulong sa inyo:

<b>Kumuha ng electronic o nasa papel na kopya ng inyong medikal na rekord</b>	Maaari ninyong hilingin na tingnan o kunin ang electronic o nasa papel na kopya ng inyong medikal na rekord at iba pang impormasyong pangkalusugan na tungkol sa inyo na mayroon kami. Itanong sa amin kung paano ito gawin. Kami ay magkakaloob ng kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan, na karaniwan ay sa loob ng 30 araw nang inyong hilingin. Maaari kaming maningil ng isang makatuwiran at batay sa gastusin na halaga.
<b>Hilingin mula sa amin na iwasto ang inyong medikal na rekord</b>	Maaari ninyong hilingin sa amin na iwasto ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo na sa palagay ninyo ay hindi wasto o hindi kumpleto. Itanong sa amin kung paano ito gawin. Maaari kaming "tumanggi" sa inyong kahilingan, pero kung tumanggi kami, sasabihin namin ito sa inyo sa isang kasulatan sa loob ng 60 araw.
<b>Humiling ng kompidensyal na komunikasyon</b>	Maaari ninyong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa inyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa numero ng telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng email sa ibang address. Aming "tatanggapin" ang lahat ng mga makatuwirang kahilingan.

*Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*

## Ang Inyong Mga Karapatan

<b>Hilingin sa amin na bigyang limitasyon ang aming ginagamit o ibinabahagi</b>	<p>Maaari ninyong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang mga impormasyong pangkalusugan para sa paggagamot, pagbabayad, o aming mga operasyon.</p> <p>Hindi iniaatas sa amin na sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari kaming "tumanggi" kung makaka-apekto ito sa inyong pangangalaga.</p> <p>Kung bayaran ninyo ang isang serbisyo o item para sa pangangalaga ng kalusugan na ganap na out-of-pocket o sariling bayad, maaari ninyong hilingin sa amin na hindi ibahagi ang nasabing impormasyon na iyon sa layunin ng pagbabayad o sa aming operasyon sa inyong tagakaloob ng insurance sa kalusugan.</p> <p>Kami ay "tatanggap" maliban na lang kung hiniling sa amin ng batas na ibahagi iyong impormasyon na iyon.</p>
<b>Kumuha ng listahan ng mga tao na aming ibinahagi ang impormasyon.</b>	<p>Maaari kayong humiling ng listahan (accounting) ng beses na aming ibinahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan ng anim na taon bago ang petsa ng inyong kahilingan, kung kanino namin ito ibinahagi at kung bakit.</p> <p>Isasama namin ang lahat ng mga pagpapahayag maliban na lang sa mga tungkol sa paggagamot, bayad, at mga operasyon na may kinalaman sa pangangalaga ng kalusugan, at ilang iba pang mga pahayag (tulad ng anumang bagay na hiniling ninyo sa amin na gawin). Kami ay magkakaloob ng isang accounting para sa isang taon nang libre pero maniningil ng isang makatwiran at nababatay sa halaga na singilin kung hilingin ninyo ito sa loob ng 12 buwan.</p>
<b>Kumuha ng kopya nitong paunawa sa privacy</b>	<p>Maaari kayong humiling ng kopya na nasa papel ng pabatid na ito kahit kailan, kahit na kayo ay sumang-ayon na tanggapin sa electronic na paraan ang pabatid na ito. Kami ay magkakaloob sa inyo ng isang nasa papel na kopya kaagad.</p>
<b>Pumili ng kikilos para sa inyo</b>	<p>Kung kayo ay nagbigay ng medikal na power of attorney sa isang tao o kung mayroon kayong legal na tagapag-alaga, ang nasabing taong iyon ay maaaring gumamit ng inyong karapatan at pumili para sa inyong impormasyong pangkalusugan.</p> <p>Titiyakin namin na ang nasabing tao ay may kapangyarihan na ito at makakakilos para sa inyo bago kami kumilos.</p>
<b>Magsampa ng reklamo kung nararamdaman ninyo na nalabag ang inyong mga karapatan</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Maaari kayong magreklamo kung sa palagay ninyo ay nalabag namin ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pahina 1.</li><li>• Maaari kayong magsampa ng reklamo sa U.S. Department of Health at Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng: pagtawag sa 1-877-696-6775, pagpapadala ng liham sa: 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, or visiting <a href="http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/">www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/</a>.</li><li>• Hindi kami maghihiganti laban sa inyo sanhi ng inyong pagsasampa ng reklamo.</li></ul>

**Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?**

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para

<b>Gamutin kayo</b>	Magagamit namin ang inyong impormasyong pangkalusugan at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa inyo.	<i>Halimbawa:</i> Ang isang doktor na gumagamot sa inyo para sa karamdaman ay nagtanong sa iba pang doktor tungkol sa inyong pangkalahatang kondisyon ng kalusugan.
<b>Mapamahalaan ang aming organisasyon</b>	Magagamit namin at maibabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para makapagkaloob ng mga serbisyo, mapahusay ang pag-aalaga sa inyo, at makipag-ugnayan sa inyo kapag kinakailangan.	<i>Halimbawa:</i> Ginagamit namin ang inyong impormasyong pangkalusugan para mapamahalaan kung gaano kahusay kayo naaalagaan ng aming staff.
<b>Singilin kayo sa mga serbisyong ginamit ninyo</b>	Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sumingil at makakuha ng bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang mga entity.	<i>Halimbawa:</i> Kami ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa inyo sa inyong plano ng insurance sa kalusugan para mabayaran nito ang inyong mga serbisyo.

**Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?** Kami ay pinapahintulutan o hinihiling na ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang mga paraan - na karaniwan ay sa mga paraan na nakakatulong sa kabutihan ng madla, tulad ng pampublikong pangkalusugan at pananaliksik. Dapat kaming makatugon sa maraming mga kondisyon bago namin mababahagi ang inyong impormasyon na para sa mga layuning ito. Para sa mga karagdagang impormasyon, sumangguni sa:

[www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html).

<b>Tulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan</b>	Maibabahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa ilang mga situwasyon tulad ng: <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pag-iiwas sa sakit o karamdaman</li> <li>• Pagtulong sa mga pagbawi o pagtanggap sa market ng produkto (recall)</li> <li>• Pag-ulat ng mga salungat na reaksyon sa mga medikasyon</li> <li>• Pag-uulat ng mga napaghinalaang abuso, kapabayaang, o karahasang pantahanan</li> <li>• Pag-iiwas o pagbabawas ng matinding panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman</li> </ul>
<b>Manaliksik</b>	Magagamit o maibabahagi namin ang inyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan.
<b>Makasunod sa batas</b>	Ibahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung iniaata ito ng mga batas ng estado o pederal, kasama na ang Department of Health and Human Services kung gusto nitong makita kung aming sinusunod ang mga batas pederal ukol sa privacy.
<b>Makipagtrabaho sa medical examiner o funeral director</b>	Maibabahagi namin ang impormasyong pangkalusugan sa isang coroner, medical examiner, o funeral director kapag namatay ang isang indibiduwal.
<b>Matugunan ang mga bayad sa manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan</b>	Magagamit o maibabahagi namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo: <ul style="list-style-type: none"> <li>• Para sa mga paghahabol o pag-aangkin para sa bayad sa manggagawa</li> <li>• Para sa layuning pagpapatupad ng batas sa isang opisyal ng alagad ng batas</li> <li>• Sa mga ahensya na namamahala sa kalusugan para sa mga aktibidad na awtorisado ng batas</li> <li>• Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan tulad ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyo ng pagprotekta sa presidente</li> <li>• Maibabahagi namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa isang kautusan ng korte o administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena.</li> </ul>

## Ang Inyong Mga Mapagpipilian

**Para sa ilang mga impormasyong pangkalusugan, maaari ninyong sabihin sa amin ang inyong mga napili kung ano ang aming maibabahagi.** Kung may malinaw kayong nais sa paraan na aming ibinabahagi ang inyong impormasyon sa mga sitwasyong inilalarawan sa ibaba, kausapin kami. Sabihin sa amin kung ano ang nais ninyong gawin namin, at gagawin namin ang aming makakayanan para masunod ang inyong mga tagubilin.

**Sa mga kasong ito, mayroong kayo ng parehong karapatan at paraang pumili para sabihin sa amin na:**

- Ibahagi ang impormasyon sa inyong pamilya, kaibigan, o iba pang kalahok sa inyong pag-aalaga
- Ibahagi ang impormasyon sa isang sitwasyon ng pagbibigay tulong sa kaganapan ng sakuna
- Makipag-ugnayan sa inyo para sa mga pagsisikap sa paglilikom ng pondo
- Ibahagi ang ilang impormasyon tungkol sa inyong paggagamot laban sa droga at alak Ang impormasyong ito ay maaaring mangailangan ng inyong nakasulat na awtorisasyon bago namin ito maibabahagi sa kahit na kanino.

*Kung hindi ninyo masasabi sa amin ang inyong nais, halimbawa, kung wala kayong malay, maaaring patuloy namin na ibahagi ang inyong impormasyon kung naniniwala kami na ito ay para sa inyong lubusang kapakanan. Maaari rin namin ibahagi ang inyong impormasyon kapag kinakailangan para mabawasan ang isang matindi at hindi namimintong banta sa kalusugan o kaligtasan.*

**Sa mga ganitong uri ng kaso hindi namin kailanman ibinabahagi ang inyong impormasyon maliban na lang kung nagbigay kayo ng pahintulot na nasa kasulatan:**

- Mga layunin ng marketing.
- Pagbebenta ng inyong impormasyon. Ang ay hindi kailanman magbebenta ang inyong impormasyon.
- Karamihan ng pagbahagi ng mga psychotherapy na tala.

## Ang Aming Mga Pananagutan

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy at seguridad ng inyong protektadong impormasyong pangkalusugan.
- Sasabihin namin kaagad sa inyo kung may paglabag na naganap na maaaring nakakompromiso sa privacy o seguridad ng inyong impormasyon.
- Kailangan namin sundin ang mga tungkulin at pamamalakad sa privacy na inilalarawan sa paunawang ito at bibigyan namin kayo ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon nang higit sa inilarawan sa paunawang ito maliban na lang kung sabihin ninyo sa amin na magagawa namin ito sa pamamagitan ng isang kasulatan. Kung pumayag kayo, maaaring magbago ang inyong pasya kahit kailan. Sabihin sa amin sa pamamagitan ng kasulatan kung magbago ang inyong isip.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paunawang ito, makipag-ugnayan sa HHS Privacy Officer gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakasaad sa Pahina 1 ng Paunawang ito o tingnan ang: [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html)

**Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Paunawang Ito:** Mababago namin ang mga tuntunin sa paunawang ito, at ang mga pagbabago ay gagamitin sa lahat ng impormasyon na mayroon kami tungkol sa inyo. Ang bagong paunawa ay handang makuha kung hilingin, sa aming tanggapan, at sa aming website.

- Ang petsa ng bisa ng Paunawang ito ay Setyembre 1, 2014